## MGA PAALALA AT TAGUBILIN SA REMOTE APPEARANCE PARA SA SUPERIOR COURT NG SAN FRANCISCO, PINAG-ISANG FAMILY COURT

Alinsunod sa Mga Lokal na Batas ng San Francisco, panuntunan 11.7(D)(4), 12.14, 13.16 (ayon sa awtorisasyon ng Mga Panuntunan ng Hukuman ng California, panuntunan 3.672(e)(1)), maliban na lang kung iba ang iniuutos ng Hukuman, ang mga panig at ang kanilang mga abugado ay awtorisadong mag-appear sa isang pagdinig, status conference, o paglilitis sa Departamento 2, 3, 4, 5, 403, 404, 405, 406, 414, 416, at 425 nang in-person o nang remote sa pamamagitan ng video o telepeno gamit ang BlueJeans (isang remote na video platform). Hindi kinakailangan ng isang panig o abugado na maghain ng Abiso sa Remote Appearance (RA-010) o Kahilingan para sa Remote Appearance - Juvenile Dependency (RA-025) bago mag-remote appearance.

Itinatakda ng Mga Lokal na Panuntunan ng San Francisco, panuntunan 11.7/(D)(4)(b), 12.14, at 13.6 ang mga espesyal at mandatoryong pamamaraan para sa mga hindi panig na testigo, na gustong remote na mag-appear sa isang pagdinig o paglilitis na para sa ebidensya.

Nakabalangkas sa Mga Lokal na Panuntunan ng San Francisco, panuntunan 11.7/(D)(4)(d), 12.14, at 13.6 ang mga pamamaraan sa pagtutol sa isang remote na pag-appear ng iba pang panig o testigo sa isang pagdinig o paglilitis na para sa ebidensya.

Ang mga karagdagang tagubilin para sa mga remote appearance sa Departamento 416 ay makikita sa dokumentong may titulo na "Information on Title IV-D Remote Appearances in Department 416 (Impormasyon sa Titulo IV-D Mga Remote Appearance sa Departamento 416)" na naka-post sa website ng Hukuman: https://www.sfsuperiorcourt.org/divisions/ufc.

## MGA TAGUBILIN SA PAGSALI SA ISANG PAGDINIG SA PAMAMAGITAN NG BLUEJEANS

- Puwede kang mag-appear sa pamamagitan ng video gamit ang BlueJeans sa pamamagitan ng pag-download sa BlueJeans application sa iyong mobile device o sa pamamagitan ng pag-navigate sa webpage ng BlueJeans sa https://wwww.bluejeans.com/. Pagkatapos, i-click ang **"Join Meeting"** (Sumali ng Meeting) at ilagay ang meeting ID at passcode ng kalahok. Tandaan: Mas mainam ang mga video appearance kumpara sa mga appearance sa pamamagitan ng telepono.
- Puwede ka ring mag-appear sa pamamagitan ng telepono gamit ang BlueJeans at pag-dial ng 1-408-419-1715 o 1-408-915-6290 at paglalagay ng meeting ID at passcode kasunod ang #.
- Dapat ay ibinigay sa iyo ang meeting ID at passcode ng kalahok noong naihain ang Kahilingan para sa Kautusan, Abiso sa Mosyon, Tugon, o iba pang abiso sa

conference. Puwede ring makuha ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagtawag o pag-email sa clerk ng departamento ng hukuman, kung saan ka ang iyong appearance. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga clerk ng departamento sa: https://sfsuperiorcourt.org/divisions/ufc.

**MGA PAALALA**

- PAGBABAWAL NG PAG-RECORD: Huwag i-record ang pagdinig sa anumang paraan. Ipinagbabawal ang anumang pag-record sa isang paglilitis sa Hukuman, pati ang mga screen shot o iba pang pagkopya sa visual o audio ng pagdinig. Ang anumang paglabag ay nahahatulan hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga multang hanggang $1,000, pagbabawal na pumunta sa mga pagdinig sa hinaharap, o iba pang parusang naaangkop para sa Hukuman.
- *HUWAG MAG-APPEAR NANG IN-PERSON SA HUKUMAN, KUNG HINDI MAGANDA ANG IYONG PAKIRAMDAM.* Kung hindi maganda ang pakiramdam mo, lubos kang hinihikayat na mag-appear para sa pagdinig, paglilitis, o status conference nang remote sa pamamagitan ng BlueJeans.
- Maghanap ng isang tahimik at pribadong lokasyon para maiwasan ang ingay sa background. Sa kahit anumang sitwasyon, hindi ka maaaring tumawag mula sa isang umaandar na sasakyan. Gamitin ang iyong pinakahusay na pagsisikap para walang makita o marinig na abala sa oras ng pagdinig.
- Kung nagla-log in sa bahay, tiyaking walang ibang miyembro ng sambahayan (lalo na ang mga bata) ang nakikita o naririnig sa tawag.
- Kapag nagla-log in, dapat mong ipakilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong pangalan at apelyido.
- Dapat mong sundin ang lahat ng remote na kinakailangan sa tamang asal na tulad sa iniaatas sa courtroom, pati sa naaangkop na pananamit, na para bang personal ang appearance. Hindi ka maaring kumain at uminom, bukod sa tubig, kape, o tsaa, habang nasa mga paglilitis.
- Ang Hukuman ang mamamahala at kokontrol sa mga paglilitis, ang magiging nakatalagang "moderator" ng video conference, at ang kokontrol sa iba't ibang setting ng teknolohiya.
- Kung nag-log in ka sa BlueJeans sa pamamagitan ng video, dapat ay malinaw na nakikita ang iyong mukha habang nagsasalita ka. Iposisyon ang iyong camera nang eye level para nakatingin ka sa camera habang nagsasalita.
- Dapat kang mag-pan sa kuwarto sa iyong video anumang oras na hilingin ng Hukuman.
- Hindi pinapayagan ang mga virtual na background at filter.
- Hindi mo puwedeng gamitin ang function na "share screen" maliban na lang kung bibigyan ka ng pahintulot ng hukuman.
- Huwag i-hold ang tawag (dahil may tutunog na musika).

- Kapag nagsimula ang Pagdinig, ikaw ay imu-mute. Panatilihing naka-mute ang iyong audio kapag hindi ka nagsasalita.
- Kung hihilingin sa iyo ng hukom na magsalita, i-unmute ang iyong sarili at sabihin ang iyong pangalan bago ka magsalita, para malaman ng lahat ng kalahok kung sino ang nagsasalita. Isang tao lang ang puwedeng magsalita sa isang pagkakataon. Huwag magsalita kasabay ng ibang tao.
- Kung gusto mong tumutol, puwede mong itaas ang iyong kamay bukod pa sa pagsasabi ng "objection".
- Huwag mag-log off sa BlueJeans hanggang sa papahintulutan ka ng Hukuman na gawin ito. Kung kailangan mo ng break, hilingin ito sa Hukuman.
- Kung hindi ka maka-log in sa BlueJeans o kung hindi ka na makakonekta ulit sa BlueJeans pagkatapos ng hindi sinasadyang pagkakadiskonekta, dapat kang tumawag o mag-email kaagad sa clerk ng departamento ng hukuman kung saan isinasagawa ang iyong pagdinig, para maabisuhan sila na nakakaranas ka ng mga teknikal na problema. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga clerk ng departamento sa: https://sfsuperiorcourt.org/divisions/ufc.

## MGA TIP PARA SA PAGLAHOK SA PAGDINIG SA PAMAMAGITAN NG BLUEJEANS

- Tiyaking ganap na naka-charge o nakasaksak ang iyong device para hindi ka mawalan ng baterya.
- Tiyaking mayroon kang malakas na koneksyon sa WiFi.
- Gumamit ng sinusuportahang web browser gaya ng Chrome, Firefox, Microsoft Edge, Safari, o Opera.
- Gumamit ng headphones na may mikropono para sa pinakamahusay na kalidad ng tunog.
- Kung sasali ka sa BlueJeans sa pamamagitan ng iyong mobile phone, i-disable ang mga notification at papasok na tawag para maiwasan ang mga pagkaantala at pagkaabala.
- Suriin ang iyong computer o iba pang device nang kahit man lang 5 minuto bago ang pagdinig, para matiyak na gumagana ang audio at video mo.
- Para sa magandang koneksyon kung nagla-log in ka sa bahay, tiyaking hindi nagsi-stream ang ibang miyembro ng sambahayan sa oras ng iyong pagdinig.
- Isara ang lahat ng iba pang program na hindi ginagamit para hindi makaabala ang mga ito sa iyong koneksyon o presentasyon.

## MGA KARAGDAGANG RESOURCE

- Mga Minimum na Kinakailangan sa System ng BlueJeans: https://support.bluejeans.com/s/article/Hardware-Components-for-BlueJeans-Rooms
- Mga Teknikal na Kinakailangan ng BlueJeans: https://support.bluejeans.com/s/article/BlueJeans-System-Requirements

- Paano Sumali ng Meeting sa BlueJeans mula sa isang Browser: https://support.bluejeans.com/s/article/Joining-a-meeting-using-your-Browser
- Paano Sumali ng Meeting sa BlueJeans Desktop App: https://support.blueieans.eom/s/article/Video-Joining-a-Meeting-with-the-Desktop-App
- Paggamit sa BlueJeans Mobile App: https://www.bluejeans.com/blog/bluejeans-tip-using-the-mobile-app